

PROLOGUE

I once believed in fairy tales, influenced by my fascination with fairies, princesses and their Prince Charmings. I believed that in every story there would be a happy ending.

Noon iyon noong bata pa ako. Ngayon I'm not sure about that anymore. Pag lumalaki ka kasi, nabubuksan ang iyong mga mata sa realidad ng buhay.

Bakit nga ba nagkaganoon? Hmm...

Lumaki ako sa poder ngTita Anita ko, nakababatang kapatid ng mama ko. Bata pa lang ako, naghiwalay na ang mga magulang ko. Nag-abroad ang mommy ko sa America bilang isang *domestic helper* at doon nakahanap ng *Kano* and stayed there all her life. Hindi na kami binalikan ng daddy ko.

Nakapag-asawa ulit at nagkaroon siya ng sariling pamilya, at ako ay tuluyan nang napabayaan. Buti na lang nandiyan angTita Anita ko para kupkupin ako. Hindi na siya nakapag-asawa dahil sa akin.

Maituturing kong mapalad pa rin ako dahil

Happy Ending by Cher Reyes

inalagaan niya ako at itinuring parang isang tunay na anak. Ang pagmamahal na hindi ko naranasan sa aking tunay na mga magulang ay sa kanya ko natagpuan. Iniwan ang Tita Anita ko ng kasintahan nito nang malaman na inampon niya ako.

About my mom? I never had an idea what had become of her. The last time I heard from her through my Tita Anita, was that she was having another kid from a new husband. May magagawa ba ako? Of course nothing, it's her life. Kanya-kanyang buhay na kami ngayon.

My father? Well, hayun, patuloy na itinataguyod ang limang anak. I had forgotten him simula nang iniwan niya ako sa tiyahin ko.

Is there really a happy ending? I really don't know. For me, happy endings are for kids only. My experience can validate what I believe in now—from a little girl into an adult who went through a lot of hardships and pain. Sa iba siguro nangyayari iyon, but not in my case.

Dumaan na ako sa tatlong relationship. And always I thought it would end up "*and they live happily ever after*" like some fairy tale I used to read. Hindi pala. Ang buhay pala ay hindi

Happy Ending by Cher Reyes

laging nagtatapos sa happy ending. Minsan sa istorya ng buhay, may romance, comedy at minsan hindi maiiwasan ang *tragedy*. Minsan, ang tadhana ay mapaglaro, mahirap arukin at unawain.

I went through three different relationships but it always left me broken-hearted and devastated. What does love can offer me except for pain? So far I have gotten over it. And I'm doing fine. And starting today, ipinapangako ko sa sarili ko na hindi na ako ulit iibig. Perhaps happy ending is not for me. I have to accept that reality. And today onwards, I would enjoy life. Siguro katulad sa Tita Anita, ito na ang buhay namin, ang mamuhay mag-isa. Who needs a man anyway?

I'm beginning a new chapter of my life.

1

Lucy Ferrer closed her diary. Umupo siya sa ibabaw ng kanyang kama mula sa pagkakadapa matapos niyang maisulat ang mga bagay na naglalaro sa kanyang kaisipan. Halos lumipas na rin ang kalahating taon simula nang maghiwalay sila ng kanyang huling boyfriend. She sighed. It was time for her to move on. Kakalimutan na niya ang lahat. Tumayo siya at inilapag ang gamit sa kanyang study table malapit sa ulunan ng kanyang kama.

Humarap siya sa salamin ng kanyang tokador. She smiled. “I can be happy even without guys, right, Lucy?” She nodded as she talked to herself.

“Lucy, I am ready.” Si Tita Anita niya iyon mula sa labas ng kanyang silid, hinihintay siya. Naipangako kasi niya dito na ilalabas niya ito para mag-shopping sila bilang treat niya matapos ang kanyang almost three months of stay sa Singapore. Kararating lang niya ng bansa kahapon at wala siyang dalang pasalubong kaya ang pangako niya sa kanyang tiyahin ay ilalabas na lang niya ito para mag-

shopping sila.

Siya ang ipinadala ng kanilang kompanya sa Singapore para sa meeting ng mga executives for one week ng mga branches dito sa Asia ng isang multi-international company. Pagkatapos naman niyon ay two months na training and strategizing sa bagong trend ngayon sa Advertising komo siya ang marketing executive ng *Emerald Advertising, Inc.*

Natutop niya ang noo. Dahil sa pag-i-emote sa kanyang diary, nalimutan na niya ang pangako sa tiyahin. “Give me a few more minutes.”

“Okay.”

“Thanks, Tita.”

Narinig niya ang yabag ng tita niya palayo.

Nagmamadali siyang nagbihis at nag-ayos ng sarili. Makaraan ang ilang minuto ay lumabas na siya ng silid. Naabutan niya ang kanyang tiyahin na nakaupo sa living room, nanonood ng TV habang hinihintay siya.

“Shall we?” nakangiti niyang sabi.

“Sure,” malugod na tugon nito. Tila excited ito na pinatay ang TV.

“Saan tayo, Tita?” aniya habang palabas sila ng bakuran ng bahay sa loob ng sasakyan.

“Ahm...” anito na tila nag-isip nang malalim. “Noong isang araw ay napasyal ako sa *TriNoma* at may mga natipuhan ako doon. Kung okay lang sa 'yo, Lucy, doon na lang siguro tayo tumingin-tingin,” alanganin nitong sabi.

“Sure, Tita. Kayo pa,” nakangiti niyang tugon. Nakita niyang lumapad ang ngiti ng kanyang butihing tiyahin.

Alam niya na deserved nito iyon. Kailanman ay hindi ito humingi sa kanya ng kung anumang bagay. Wala itong ibang hinangad kundi ang kabutihan niya. At ang ganitong mga pagkakataon na mapasaya ito ay isang malaking bagay na para sa kanya.

Tinalunton niya ang kahabaan ng Tandang Sora Avenue kung saan sila nakatira patungong *TriNoma*.

“Choose what you like, Tita,” nakangiti niyang saad habang nag-ikut-ikot sila sa mga boutique sa loob ng mall.

Isang malapad na ngiti ang itinugon nito sa kanya. Nang tila nag-alangan ito na kunin

ang mga nagustuhan nito na mga damit at accessories, siya na mismo ang kumuha para bayaran iyon. At alam niya na walang mapagsidlan ang tuwa ng kanyang tiyahin.

Matapos silang mag-shopping ay inaya niya ito na kumain sa isang restaurant. Ibinaba muna nila ang kanilang mga bitbit na mga pinamili sa compartment ng sasakyan bago sila nag-decide kung saan sila kakain.

“Ba’t hindi na lang tayo dito kumain sa loob?” anito nang sabihin niya na sa ibang lugar sila kakain.

“Doon naman tayo sa medyo private. Parang nakakahilo kasi ang dami ng tao. May alam akong magandang lugar,” nakangiti niyang paliwanag.

“Ikaw ang bahala,” anito.

Dinala niya ang kasama sa isang Japanese restaurant sa may Timog para maiba naman.

“Mabuti hindi mo naisipang doon ka na lang sa Singapore magtrabaho, iha,” komento ni Tita Anita habang inilalapag ng waiter ang pagkain na kanilang inorder.

Umiling si Lucy. “Marami din pong offer,

kaya lang kontento na ako dito sa atin, Tita. Ganoon din naman, kung ano ang kinikita mo doon ay kikitain ko rin dito. Maganda nga lang pakinangan na ang work ay sa ibang bansa. But for me, I would still prefer to work here. Pag doon, you have to do it on your own.”

“Sabagay,” sang-ayon ng kausap.

They enjoyed their Japanese food. Tumikhim si Tita Anita na tila may mahalagang sasabihin habang inuumpisahan nila ang kanilang dessert. “Tumawag pala ang mama mo noong isang araw,” anito sabay lagok ng juice. “Siguro mga one week bago ka umuwi mula Singapore.”

“Aba, himala yata at napatawag,” walang ganang sabi niya. “Ano raw ang balita tungkol sa kanya? Nagpalit na naman ba siya ng asawa at may panibagong anak na naman?”

“Wala naman, hindi naman gan'on. Kuwan,” anitong tila hindi alam kung ano ang sasabihin, “nagungumusta lang. Tinatanong ka niya.”

Bumuntong-hininga si Lucy. Masama man ang loob niya sa ina, hindi niya pa rin maitatangi na magulang niya pa rin iyon. “Kumusta naman daw siya?”

“Sa tingin ko, okay naman, masaya. Parang balak niyang umuwi dito sa Pilipinas para magbakasyon.”

Umasim ang kanyang mukha. “What? Ano’ng gagawin niya dito?”

“Ano ka ba naman, Lucy, siyempre tagadito siya. Ito pa rin ang bayan niya.”

“Ewan ko diyan sa kapatid mo, Tita. Sa tinagal-tagal ng panahon, eh, maiisipan pang magbakasyon dito.”

“Siyempre naman, tumatanda na tayo. Ang tagal ko ring hindi nakita si Azun. Kahit ganyan naman siya, eh kapatid ko pa rin iyon, at ina mo,” malumanay na sambit nito.

“I don’t think I’m ready for that,” aniyang bumuntong-hininga. “I need to go to the comfort room,” paalam niya saka tumayo. Gusto niyang umiwas na mapag-usapan muna iyon.

Nakauunawang tumango ito. “Sige, iha,” anito habang tinatapos ang dessert.

Sa isang sulok ng restaurant ay kausap ni Dave

Happy Ending by Cher Reyes

Araneta ang isang Japanese businessman na gustong makipagsosyo sa kanyang automobile shop. Kasama niya ang kanyang kaibigang si Jake na naging kaibigan ng Hapon. Ito ang nag-introduce ng Hapon sa kanya. Na-meet ni Jake si Mr. Kim Hirosho nang magpunta ang kaibigan sa Japan dahil sa isang business convention. Nang malaman ng kaibigan na gusto ng Hapon na mag-venture ng business sa Pilipinas na may kinalaman sa automobile, hindi ito nagdalawang-isip na i-recommend siya. Kaya ito na ang pagkakataon para i-close ang kanilang deal. And things turned out perfectly well.

Partially, napag-usapan nila kung paano tatakbo ang kanilang business relationship. Binigyan niya ng report ang Japanese tungkol sa operation ng business niya at kung ano ang need ng *Araneta Automobile Shop* kung saan magfi-fit si Mr. Hirosho sa gusto nitong business venture. Napagkasunduan nila na ito ang magsu-supply ng mga spare parts ng sasakyan galing Japan. He also mentioned that he has many business associates who manufacture cars.

“I’m really excited,” turan niya. “It’s also

our plan in the future to expand from selling automobile spare parts to dealership.”

“And we think you can help us in this matter,” susog ni Jake.

“Oh, that’s great, that’s great,” excited na wika ng foreigner.

“In our next meeting, I will bring my lawyer with me to finalize everything. But we are okay now, right, Mr. Hirosho?” ani Dave.

“Oh yes, yes, yes,” tumatangu-tangong tugon ni Mr. Hirosho. “Everything is okay with me. And me too, excited on this business venture.”

“This venture will surely succeed, Mr. Hirosho, I guarantee you,” sabad ni Jake.

“I’m sure we will get along well, Mr. Hirosho. I assure you, you won’t regret investing with us. And we are pleased to have you as partners. Thank you so much,” nakangiting sabi niya.

With clasped hands, the Japanese bowed. “You’re welcome. And thank you too, Mr. Araneta. So glad to meet you and Jake.”

“I think we are ready now for dinner. If you will please excuse me, I’ll just go to the

counter,” pagpapalam ni Dave bago tumayo.

“Yes, yes, yes,” tumatango nitong sagot.

Gustong niyang pumalakpak sa tuwa. He’s so excited. Walang mapagsidlan ang kanyang galak sa bagong opportunity na ito. This was really a God’s blessing para sa kanya.

Tumayo siya mula sa pagkakaupo. Hindi niya napansin na sa bandang likuran niya ay ang isang waiter na may dalang tray na may lamang mga baso ng juice. It was too late, hindi siya nakailag, nabunggo niya ang waiter nang lumingon siya. At ang masaklap pa nito, nagpang-abot ang waiter at ang isang babae na naglalakad na marahil ay galing sa CR. Natumba ang dalawang baso at tumilapon ang laman niyon na juice sa babae na lumikha ng commotion sa pagitan nilang tatlo dahil agad na napahiyaw ang huli.

“Oh my goodness,” bulalas ng babae nang mabuhusan ng malamig na juice. She mumbled a curse..

“Sorry po, ma’am,” agad na dispensa ng waiter na hindi alam kung ano ang gagawin.

Agad siyang lumapit sa babae at dinukot ang

kanyang panyo sa bulsa at ibinigay iyon. She was the most beautiful lady he had ever seen in his life so far. “I’m sorry, it’s my fault,” he said apologetically.

Gustong manggigil ng dalaga. Pahablot nitong kinuha ang panyo ng kanyang ini-offer. “Surely, it’s your fault,” matigas na sagot nito. “Dapat kasi tingnan mo ang nilalakaran mo, Mister. Look what you did.”

“I’m sorry. I didn’t mean it.” Hindi niya alam kung ano ang gagawin sa awkward at nakakahiyang sitwasyong iyon.

“Ma’am, sir, pasensiya po, hindi ko po sinasadya,” anang waiter. May ilang customer na napatingin na sa kanila.

“Is everything alright, sir, ma’am?” untag ng babaeng manager na kaagad na nakalapit sa kanila nang maagaw nito ang pansin sa nangyari.

“It’s my fault. You can charge it to me. I’m really so sorry,” ani Dave.

“Okay po,” anang manager. Sinenyasan nito ang waiter na bumalik na sa counter na agad namang tumalima. “We are so sorry, ma’am,

for what have happened.”

“It’s alright,” anito na hindi pa rin maipinta ang mukha, sabay talikod.

“Miss, I’m really so sorry,” agad niyang habol dito.

Huminto ito at tumingin nang matalim sa kanya. “You should be.”

“I will pay for your bills, charge it to me para mabawasan ang guilt ko .”

“Never mind. I can pay for it,” anito saka nagmamadaling umalis.

He shrugged his shoulders and sighed.

2

“Ano ang nangyari, Lucy?” nag-aalalang usisa ni Tita Anita nang makita ang pamangkin na hindi maipinta ang mukha at basa ang kanang sleeve ng casual blouse na damit nito. Hindi nito nakita ang mga pangyayari kasi nasa isang sulok sila sa malawak na restaurant.

Pasalampak siyang umupo . “Hay, talaga naman paghinabol ka ng kamalasan. Naiinis ako, Tita. Natapunan ako ng juice dahil sa lalaking ‘yon.”

“Paano? Sinong lalaki?”

“Hay, ewan. Tatanga-tanga kasi, hindi tinitingnan ang nilalakaran, nakakainis,” nakasimangot niyang sambit. Inilagay niya ang panyo sa kanyang balikat sa loob ng kanyang damit sa area na nabasa para hindi niya maramdaman ang lamig na dulot ng pagkabasa.

Tinawag niya ang waiter nang may mapadako sa kinapupuwestuhan nila. Hiningi niya ang kanilang bill.

Mayamaya ay bumalik ang waiter at ngumiti

nang alanganin.

“Is there any problem?” iritado niyang tanong.

“Wala naman po, ma’am. Paid na po ang bill n’yo.”

“Paid? Sino? Nino?” Pati tuloy siya ay nabubulol na hindi niya maintindihan.

“Ho?” Tila nabigla din ito sa kanyang reaksiyon.

“Sino ang nagbayad? Hindi pa ako nagbabayad.”

“Heto po ang receipt n’yo, ma’am.” Inabot nito ang resibo sa kanya.

Masusi niyang tiningnan iyon. And it was paid in cash kaya walang siyang idea kung sino ang nagbayad. “Are you sure itong receipt na ito ang receipt sa inorder namin?”

“One hundred percent po, ma’am, sigurado ako.”

“Can you show me who paid my bill?” curios niyang tanong. Pero may idea siya kung sino ang nagbayad niyon. Walang ibang pumapasok sa isip niya kundi ang lalaking kinaiinisan niya.

“Ay, hindi ko po alam kasi ibinigay na lang po ito sa akin ng cashier.”

Napailing si Lucy. “Thanks, anyway,” pagsuko niya. Magkahalo ang mga emosyon niya. Hindi niya alam kung matutuwa ba siya o mas lalong maiinis sa lalaki. Pakiramdam niya ay may kayabangan din iyon.

“Okay po,” anito saka tumalikod.

“Come on, Tita, nabayaran na pala ang bill natin,” aniya. Kaagad namang tumalima ang kasama.

“Sino kaya ang nagbayad ng food natin?” nagtataka nitong tanong. “Baka naman may secret admirer ka dito, iha,” nanunudyo nitong sabi.

“Baka kamo ‘yong asungot na lalaking iyon ang nagbayad.” Ikinuwento niya dito ang nangyari kanina kung paanong natapunan siya ng juice, habang naglalakad sila palayo sa mesa nila.

“Malamang iyon nga ang nagbayad. Aba, mayaman siya kung ganoon. Matanda na ba?”

“Tita?” aniyang pinandilatan ito.

“Nagtatanong lang naman ako.” Nangingiti ito. “Malay mo.” Tila may naglalaro sa isipan.

“Puwede ba, Tita, naiinis ako sa pagmumukhang iyon.”

“Bakit, ano ba ang mukha niya? Guwapo ba, mukhang binata o matandang mayaman na alam mo na. Baka sinadya pa n'on na gumawa ng eksena para magpapansin sa 'yo.”

“I don't think so. He's just stupid.”

“Na nagbayad ng kinain natin,” agap na sabad nito.

“Nakonsensya siguro.” Palihim niyang inilibot ang mga mata sa paligid bago sila tuluyang lumabas ng restaurant para muling makita ang lalaki, pero hindi na niya ito napansin. Umalis na siguro dahil sa kahihyan.

Anyway, wala na akong panahon para sa mga ganoong lalaki.

Naipangako niya sa sarili na hindi na niya ulit bibigyan ng pagkakataon na makapasok ang mga guys sa sistema ng kanyang buhay. Masaya na siya sa ganito.

Nakauwi na lang silang magtita, pero hindi

Happy Ending by Cher Reyes

pa rin mawaksi sa kanyang isipan ang guwapong mukha ng lalaki na mas lalong niyang ikinaiinis. *Guwapo? What's happening to her? How could she think that he's handsome? Kahit pa guwapo ito, kung estupido naman. Biruin mo ba namang binayaran pa ang bill nila. Saan ka pa niyan!*

Hanggang sa nakahiga na siya nang gabing iyon sa kanyang kama ay pelikula na paulit-ulit na nagre-rewind sa isip niya ang mga eksena sa restaurant.

Boys are just boys. They are all the same! Kaya hindi niya dapat pag-aksayahan ng panahon ang ganoong mga lalaki. Gusto niyang pagalitan ang sarili. Kung bakit hindi mawaglit sa kanyang isipan ang mukha ng lalaking iyon. Kung hindi na lang sana nito binayaran ang bill niya, baka natahimik na siya.

Napabalikwas si Lucy mula sa pagkakahiga. She took a cigarette from her handbag and a lighter. She went outside er room at doon siya sa sala nagsindi ng sigarilyo.

Damn that stupid guy!

“Parang napuyat ka ah,” bati sa kanya

agad ni Linda—ang kanyang associate at maituturing na kaibigan din—pagpasok niya sa kanyang private office. Hindi niya napansin na nakabuntot pala ito sa kanya. Lalong umasim ang kanyang mukha sa puna na iyon ng kaibigan. “At mukhang masama yata ang gising mo ngayon.”

Mabigat na inilapag niya ang dalang portfolio at ilang gamit sa mesa sa loob ng kanyang office saka pasalampak na umupo sa swivel chair at pagod na sumandal doon. “Sinabi mo pa.”

“And why is that?” anitong umupo sa kanto ng ibabaw ng mesa paharap sa kanya. Kinuha nito ang isang fountain pen at pinaglaruan nito sa mga daliri.

“Hay, kaka-bad trip last night,” bulalas niya.

“Bakit naman? Aba, dapat fresh ka ngayon, you just arrived from Singapore tapos ganyan na ang mukha mo.”

Ikinuwento niya rito ang nangyari nang nakaraang gabi sa restaurant, na siyang naging dahilan kung bakit siya napuyat.

“Ay sus, nang dahil lang doon nagkaganyan

ka na?”

“He’s so stupid. At ngayon, ako tuloy ang nakokonsensya.”

“Dahil binayaran niya ‘yong bill n’yo? Hmm... I doubt it.” Tumayo si Linda at umupo sa upuan sa tapat ng kanyang mesa. “Tell me about this guy.”

“And why?” nakataas-kilay na balik-tanong niya.

“Curious lang ako. Bakit ganoon na lang ang epekto n’on sa’yo? Was he young, handsome? Or was he old and rich and whatever. Just tell me about this guy you are fussing about.”

“You sound like Tita already. There’s nothing so much about him for you to be interested.”

“Really?” tila patay-malisya nitong sabi, pero ang mga mata ay nangingislap at iba ang sinasabi.

“Hoy, Linda, I know what’s playing on your mind,” sita niya.

“Eh, ba’t wala kang masabi tungkol sa guy na ito. Siguro guwapo siya at attractive, ano?” anitong ngumiti nang nakakaloka.

“So what?” aniyang tumuwid ng umupo at inayos ang mga gamit sa mesa.

“See? Lumabas din. Guwapo nga at attractive.”

“Excuse me, I have no time for guys right now. And I don’t intend in the future, for your information.”

“We’ll see,” tila naghahamong sabi nito saka tumayo at inilapag sa mesa niya ang ballpen na hawak. “Mahirap magsalita nang patapos, my dear,” tukso nito.

Tiningnan niya ito at pinandilatan. Tumawa si Linda nang malakas.

Lumipas din ang ilang araw at nawala din niya sa isipan si Mr. Stupid Guy. And as usual, tuloy ang buhay. Sobrang naging abala ang kanyang mga sumunod na araw dahil sa trabaho. Sunud-sunod na meeting ang kanyang inatupag kasama ang mga executives ng kanilang company, kasabay din doon ang training at upgrading sa kanilang department, and at the same time, brain-storming kasama ang kanyang mga staff sa advertising tungkol sa mga bagong trend sa industry.

“Hey, are you alright?” puna ni Linda habang naglalakad sila papuntang parking area kung saan nakaparada ang kanyang sasakyan.

Katatapos lang ng kanilang luncheon meeting with their clients, at naisara naman nila ang business deal.. “We’re supposed to celebrate, pero parang Biyernes Santo ang mukha mong di-maipinta. What’s wrong?” anitong may pag-aalala.

“I’m just too tired,” aniya saka huminga nang malalim.

“Ows? I know there’s something bothering you, kanina ko pa napapansin.”

She sighed. “Actually, my mom is coming home very soon and I still can’t figure out what to do when we meet. I mean, parang ang hirap. It’s been a long time since the last time I saw her. And mind you, I was just a kid when she left. And to make the matter worse, doon pa siya tutuloy sa bahay namin ng tita ko. Okay lang sana kung magho-hotel siya or what. Pero dahil nga kapatid ng tita ko, at *nanay ko*,” pinagdiinan niya ang huling salita, “wala akong choice kundi pakisamahan siya,” mahaba niyang litanya.

Kagabi ay muli siyang kinausap ng tiyahin na pinal na ang pag-uwi ng mama niya. At hindi lang iyon, lampas isang linggo na lang ay darating na ang ina para sa dalawang linggo nitong bakasyon na puwede pa raw mag-extend hanggang isang buwan. *Hay, nakakalokoka ang buhay!*

“Well, minsan talaga, may mga bagay na di mo maiiwasan. Pero kailangang mong harapin dahil bahagi na sila ng buhay natin.”

“I just don’t think I’m ready for this.”

“Makakayanan mo rin ‘yan. Hindi naman siguro magtatagal ang mama mo dito.”

“Two weeks to one month daw, sabi ng tita ko.”

“See, saglit lang ‘yon. Ang bilis lumipas ng panahon ngayon. You wouldn’t know her vacation is over and you’ll be back to your old routine. Konting tiis lang, friend.”

“Ewan ko ba, lalo lang akong nai-stress pag naiisip ko ang pag-uwi ng mama ko.”

“Kaya mo ‘yan.”

She let go of a deep breath. Ginalaw-galaw

niya ang leeg para ma-relax bago siya pumasok sa loob ng sasakyang nakaparada sa basement area.

Her mind was still pre-occupied about her mom, at nawala sa isipan niya na ang tinatahak niyang daan ay entrance, imbis na umikot siya patungo sa exit passage. At ang masama pa nito, nagkataong biglang may sasakyan na papasok para mag-park.

Nakatingin si Linda sa compact mirror nito para mag-retouch kaya hindi rin nito napansin kung saan na sila papunta. Hindi rin niya napansin ang lalaking bantay sa labas na sumesenyas sa kanya na mali ang daan niya. Parang lumulutang ang kanyang isip.

Saka lang natauhan si Lucy nang muntik na niyang mabundol ang sasakyan na lumiko para pumasok sa entrance. Kaagad siyang nag-brake. Pakiramdam niya ay tumama ang bumper niya sa kaharap nilang sasakyan.

“Oh, my goodness, Lucy!” sigaw ni Linda sa pagkabigla. Halos mapasubsob ito sa dashboard. Mabuti na lang at pareho sila naka-seatbelt, kung hindi ay pareho silang sumubsob sa harapan sa lakas ng impact ng

kanyang pagpreno.

Namutla siya na animo ibinabad siya sa suka.

“What happened?” ani Linda nang mahimasmasan ito at mapatingin sa labas.

Pakiramdam ni Lucy ay nangatal ang kanyang katawan sa pagkabigla at hindi siya makapagsalita. Parang blangko na nakatitig lang siya sa labas. Nabangga ba niya ang sasakyan? Bakit ba may papasok na sasakyan sa exit? Then it dawned on her that she was taking the wrong way. Ngayon lang niya na-realize, entrance pala iyon at hindi exit. *Oh my... what have I done?*

Ngayon lang siya nagising. Kinalabit siya ni Linda. “Lucy, are you alright?”

Tumingin siya sa kaibigian saka nagmamadaling lumabas para tingnan ang nabunggong sasakyan kung nakadisgrasya na ba siya o ano. Nakalabas na ang driver, tahimik na nakayuko habang sinisipat ang harapan ng mamahaling sports car nito.

“Ma’am, lumabas po kayo sa entrance way,” anang lalaki na nakasaksi sa mga pangyayari.

“I’m s-sorry, nawala sa isipan ko,” hingi niya

agad ng dispensa. Kaagad niyang tiningnan ang harapan ng sasakyan niya pati iyong isa pang sasakyan. Nakahinga siya nang maluwag nang mapansing hindi naman nagkabanggaan ang mga iyon.

“You almost hit my car,” kalmanteng sabi ng lalaki na nakatingin pa rin sa harapan ng sasakyan nito, tila masusing pinag-aaralan kung talagang hindi iyon napuruhan. Buo ang boses nito at parang pamilyar sa kanya, hindi nga lang niya matandaan kung saan niya unang narinig.

“We are so sorry, we didn’t mean it,” agap na apologize ni Linda na nakabuntot pala sa kanya.

“It’s my fault, I’m sorry,” she admitted.

The man turned around and glanced at her. And their eyes met. She felt her face go pale and her jaw dropped open in disbelief when she recognized who the guy was. Kaya pala pamilyar ang boses nito. He was the same guy at the Japanese restaurant who pissed her off.

I can’t believe this. Ba’t sa dinami-dami ng tao, ito na naman ang lalaking ito ang nakasalamuha ko?

Happy Ending by Cher Reyes

Halos sumigaw ang kanyang isip sa pagtutol sa mga pangyayari. Now, the tables were turned. Siya naman ngayon ang may atraso rito.

“Oh, hi,” anang lalaki na tila biglang nagliwanag ang mukha nang ma-recognize siya. “Should I call this coincidence? Or fate?” mapanukso nitong turan. Lumapad ang ngiti nito.

Talaga nga naman; mapaglaro ang tadhana.

Now, she could feel her face turning red. Pakiramdam niya nanuyo ang kanyang lalamunan. She ran out of words to say.

“You mean, magkakilala kayong dalawa?” halos pabulong na sabi ni Linda na lumapit sa kanya.

Siniko niya ito sa tagiliran para manahimik.

“Yes, we met already,” sagot ng lalaki.

“Oh, hi, I’m Linda,” nagpapa-cute na sabi ng kanyang kaibigan sabay lahad ng kamay na kinuha naman ng estranghero.

“Dave. Dave Araneta,” anito.

“Nice meeting you, Dave,” sambit ni Linda na halos hindi na binitiwang ang kamay ng

lalaki. Ang huli ang unang bumawi ng palad. “Pasensya ka na ha, muntik na naming masapol ang sasakyan mo.”

“It’s alright. Ang mahalaga ay wala namang napahamak,” sincere na sabi nito na nakatingin kay Lucy na hindi pa rin umiimik.

“Boss, okay lang po kayo?” sabad ng lalaki na bantay sa parking na kanina pa pala nagmamasid sa kanila.

“Okay lang, ako na bahala dito. Wala namang napano.”

“Sige po,” anito na bantulot umalis.

“Pasensya ka na talaga sa amin ni Lucy. Medyo may pinagdadaanan lang ang kaibigan ko kaya nawala sa isipan niya ang tamang daan pa-exit.”

“Kaya ba ni Lucy na mag-drive? I mean I can drive for you and bring you where you two are going.” Kaagad kumintal sa isip nito ang pangalan niya kahit hindi niya iyon binigay.

“No, I can manage,” kaagad na tutol niya. Ayaw niyang makasama pa nang matagal ang estranghero. Lalo lang niyang naalalala ang mga tagpo sa restaurant kung saan niya ito

unang nakilala. Nanliliit tuloy siya sa sarili. “I was just bothered, but I’m fine. I’m so sorry, I really mean it.”

“Lucy, mas maganda nang maihatid tayo ni Dave.”

“That’s right. I can drive for you. I can leave my car here at babalikan ko na lang mamaya. I will take a taxi to get here later on.”

Tinitigan niya si Linda para pasikretong sabihin dito na huwag masyadong magtiwala. Her friend just ignored her.

“You see, ipagmamaneho tayo ni Dave. How generous naman. Kami na nga itong nakaperwisyo, but you are treating us kindly.”

He laughed as he shrugged. “It’s okay. S’abi nga, we are called to serve, not to be served. And it’s my pleasure to serve you. I’ll just park my car. I’ll be back,” anito.

“No, I’m alright,” tanggi niya nang makitang pasakay na ang lalaki sa sasakyan nito para mag-park. “Besides baka may appointment ka pa. Promise, kaya ko naman ang magmaneho.”

“Yes, go ahead, Dave. We’ll wait for you here. Medyo kailangan ngang mag-rest muna

Happy Ending by Cher Reyes

ni Lucy. Mas magandang hindi na muna siya ang mag-drive.” Kumumpas pa si Linda para paalisin na ang lalaki at nang makahanap ng parking at para mabalikan sila agad.

“Okay, I’ll be right back,” sabi nito sabay lulan sa sasakyan.

3

“Ano ka ba naman, Lucy! Nagmamagandang-loob na nga ‘yong lalaki, ba’t ang sungit mo pa? In fact tayo na nga ang may kasalanan, dapat lie low lang tayo, di ba? Sino ba ‘yon at paano kayo nagkakilala?” untag ni Linda nang makalayo na si Dave.

“Iyon na nga. Tayo na ang may atraso, tayo pa ang magpapabigat. And besides you’re not supposed to trust people like him at once. Ngayon mo nga lang siya nakita. At puwedeng ikaw naman ang magmaneho para sa atin,” angil niya.

“Ano ka ba, he is cute at alam kong maganda ang kalooban niya. At mukha naman siyang okay, ah. Paano nga ba kayo ulit nagkakilala?”

“Correction, hindi ko siya kakilala,” pagtatama niya.

“But you met him already, right?”

“Yeah. He’s the guy I’m telling you, ‘yung sa Japanese restaurant.” Hindi niya matawag muli bilang ‘tatanga-tangang’ lalaki. Kasi siguradong ibabalik iyon ni Linda sa kanya.

Happy Ending by Cher Reyes

Biglang tumawa nang malakas si Linda na parang dalagitang kinikilig. “Wow, I smell something romantic in the air. S’abi ko na nga ba. See, that guy is really goodlooking kaya hindi ka makatulog ‘no? Aminin.”

“Hey, tumigil ka at naiinis na ako sa inyong dalawa. Lalo mo lang pinapasakit ang ulo ko.”

“Day, sa pagkakataong ito, gagaan ang ulo mo,” sabay tawa nito. “Talaga nga namang napakaliit ng mundo. Sino’ng mag-aakala na magkikita pa kayo? You see, I know that he is a good guy.”

“Ewan ko sa’yo,” aniyang iniwan ang kaibigan para lumulan na sa sasakyan.

“Hoy, wait, he’s coming,” pigil sa kanya ni Linda. Nahagip nga ng tingin niya ang lalaki na paparating sa dako nila.

“Bahala kayo,” ignora niya rito. Sumakay siya sa likuran ng driver’s seat. Alam niyang wala siyang magagawa kaya she would just go with the flow. Knowing Linda, siguradong hindi ito magpapatalo kahit pa siya ang boss nito.

Lalo tuloy sumasakit ang kanyang ulo. Pumikit siya at sumandal sa backrest ng

passenger's seat. Kanina ang mommy lang niya ang pinoproblema niya, ngayon ay nadagdagan pa. Hindi niya alam kung dapat ba niyang ipagpasalamat at na ang lalaking iyon ang nasa sasakyan na muntik niyang nabangga. Kung sa bagay, baka kung ibang tao, matindi siguro ang inabot nila. She noted how calm and controlled the man had been.

She sighed. Hindi nga lang iyon matanggap ng kanyang pride.

Yes, you are prideful, Lucy. Kaya ka nahihirapang tanggapin ang mommy mo because you are prideful! Kaya pati kay Dave nahihirapan ka rin na magpakumbaba.

What's going on with her? Gusto niyang mainis sa sarili. She wanted to be at peace kaya lang parang nahihirapan siya. She could feel the trembling of her body. Tama si Linda, kung siya ang magda-drive, baka lalong hindi siya makapag-focus sa mga pangyayari. She sighed again in defeat.

Naramdaman niyang sumakay na si Dave sa driver's seat habang kausap si Linda.

Dapat sana ako na lang ang nasa harapan.

Happy Ending by Cher Reyes

What?!? Hindi siya makapaniwala sa sumagi sa kanyang isipan. Bakit niya pinagpapantasyahang makatabi ang lalaking iyon.

“Are you alright?” Si Dave iyon.

Bigla siyang napadilat. Napatuwid si Lucy ng upo nang magtama ang kanilang mga mata. It was full of concern. Nakadungaw ang mukha nito sa kanya. May kung ano sa mga mata nito na nagtulak sa kanya para mas titigan pa ito.

“I’m fine, thank you.” Agad siyang nagbaba ng tingin nang mar-ealize iyon. Pakiramdam ni Lucy ay lalo siyang mapapaso kapag nakatitig ito sa kanya.

“Okay,” tango nito. “So where should I bring you?” Umayos ito ng puwesto para i-start na ang sasakyan.

Sinabi ni Linda ang address ng office nila.

“Okay, here we go,” sabi nito habang minamaniobra ang sasakyan papuntang exit ng parking.

“What do you, Dave?” usisa ni Linda.

Si Lucy naman ay matamang nakikinig kung ano ang isasagot ng ‘driver’ nila.

“Hmm, meron akong maliit na automobile shop sa Makati. We offer automobile spare parts. We also do repairs and maintenance at the same time. Kaya kung meron kayong ipapagawa na sasakyan, we are at your service,” nakangiti nitong pahayag.

“Wow, that’s nice. Kami naman ay nasa advertising. So if you want some promotion or advertising for your shop, we could be of help. Puwede kaming gumawa ng TV ad para sa’yo.”

“Hindi pa namin kaya ‘yon. Hindi pa kami big-time, papunta pa lang doon,” sabay tawa nito nang mahina.

“Malay mo, one of these days, di ba? Bibigyan ka namin ng malaking discount if ever. Di ba, Lucy?”

Napatingin siya sa kaibigan. Pinandilatan lang niya ito imbis na sumagot.

“Thank you. You are right. Nothing is impossible with God, sabi nga nila and I agree. We are actually in the process of expanding. And if God will permit, papasukin namin ang car dealership. May kausap na kaming

Happy Ending by Cher Reyes

Japanese businessman who will venture with us in this. By God's grace, things are getting well. Hopefully, it stays that way," optimistic nitong wika.

"Wow, that's great. Good to hear that." Pagkatapos, biglang prangkang usisa si Linda. "Are you still single or married?"

Napangiti ang binata. "Still single, very much available."

"Not committed to anyone?"

Napapatuwid ng upo si Lucy sa mga tahasang tanong ng kaibigan. Kulang na lang ay hablutin niya ang buhok nito. Kung puwede nga lang talaga.

He laughed. "Nope."

"Kami din single pa," sabay tawa ni Linda.

Tahimik lang na nakikinig si Lucy sa likuran ni Dave habang kausap nito si Linda. Hindi naman siya makapag-react kahit gusto niya, lalo na sa may kapangahasang mga katanungan ng kaibigan. Nakapikit siya at nakasandal para ma-relax, pero kung saan-saan naman

naglalakbay ang isip niya. Tahimik niyang naiusal na sana ay makarating sila kaagad sa opisina. Mayamaya nga ay nasa parking area na sila ng building ng kanilang kompanya.

Magkasabay na lumabas ng sasakyan sina Dave at Linda. Siya naman ay kaagad na napagbuksan ng pinto ng binata. Inilahad nito ang kamay para alalayan pero umiwas siya roon.

“It was nice meeting you,” nakangiti nitong sabi.

“Thank you,” ani Linda. “Paano ba kami makakabawi sa’yo, Dave? Ang dami na naming atraso sa’yo. Ngayon tuloy, mamumroblema ka pabalik. But thanks for driving for us. Naging driver ka tuloy nang wala sa oras.”

“It’s nothing. I’m glad to be of help. Di bale, next time ako naman ang maniningil,” nakangiting biro nito.

“Sure, it will be our pleasure. By the way,” ani Linda na may kinuha sa bag nito. “Teka lang ha.” Inilabas nito ang wallet at kinuha ang isang calling card. “Here’s our contact number. If there’s anything you want from us, you

can call us. Nandiyan rin ang number ni Lucy if ever maniningil ka,” sabay hagikhik nito. “Anyway, siya naman ang may atraso sa’yo at nadamay lang ako.”

“Linda?” di-makapaniwalang bulalas ni Lucy. Iwan daw ba siya sa ere?

“So if there’s anything you need, tawagan mo lang ang number na ‘yan at si Lucy na ang bahala,” anito sabay tawa. She just ignored her.

Mayamaya ka sa akin, nanggigigil na bulong niya sa sarili.

He laughed. “Sure. Thanks.”

“Baka gusto mo munang sumama sa amin sa office and have coffee?” alok pa ni Linda.

“Nope, thanks.”

“Salamat talaga ha. Iwan ka na namin.”

Tumango ang binata. “Mauna na ako sa inyo,” paalam nito sa kanila pero sa kanya nakatingin.

Nagbaba lang ng tingin si Lucy. She couldn’t meet his gaze.

“Bye. Ingat ka,” tugon ng kanyang kaibigan.

Isang tango lang ang itinugon ng lalaki saka

umalis.

“Linda, hindi ko gusto ang ipinakita mo,” kompronta niya kaagad sa empleyada habang naglalakad sila pabalik ng office.

Isang tawa ang isinagot nito. “Oy, magpasalamat tayo at mabait si Dave.

“Hindi mo dapat binigay sa kanya ‘yung number ko.”

“Bakit naman hindi? Una, ikaw talaga ang may atraso sa kanya. Second, mukhang ikaw ang mas type niya kaysa sa akin,” taklesa nitong paliwanag.

“At ganun na lang, ibebenta mo na ako sa kanya?”

Tumawa nang malakas si Linda. “He is cute. Type ko siya ha.”

“Loka ka talaga. At paano si Tim?” taas-kilay na tukoy niya sa matagal na nitong boyfriend. “Don’t tell me you are going to drop him just like that because of this guy?”

Lalong lumakas ang tawa ng kausap. “Of course not. Type ko siya para sa’yo.”

“Tigilan mo nga ako, Linda.”

“Let’s see kung sino ang una niyang tatawagan para ayaing i-date. Siyempre hindi mo siya puwedeng tanggihan kasi nga may atraso ka sa kanya.”

“At sino naman ang may sabi sa’yo na sasama ako sa kanya, aber? Hindi ako puwedeng magkamali, he is attracted to you. Kaya mag-ingat-ingat ka, kundi lagot ka kay Tim.”

“Tingnan na lang natin kung sino ang una niyang tatawagan,” ngingiti-ngiti nitong ulit na lalo niyang ikinainis.

Dahil sa pangyayaring iyon, agad na nag-shift ang focus ng kanyang utak. Natapos ang buong maghapon na okupado ang kanyang isip ng lalaking iyon. Talagang may kung ano sa binata na hindi siya pinatatahimik. Hindi niya mawari ang sarili. Every time she was reminded of him, she could feel her heartbeat beginning to race. But she couldn’t allow herself to fall into that trap. Naipangako na niya sa sarili na hindi na siya magbibigay ng atensyon sa mga lalaki. They were all the same. Masasaktan at masasaktan lang siya, so why should she bother sparing a moment for that.

Maaga siyang umuwi nang hapong iyon para makapag-relax ang kanyang isip. Pakiramdam ni Lucy ay masyado siyang napagod sa mga pangyayari.

“Maaga ka ata ngayon, iha,” komento ng tita niya na nadatnan niyang nanood ng TV sa sala.

“It’s been a tough day. Nakakapagod.”

“Tamang-tama kaluluto ko lang. Gusto mo na bang kumain?”

“Mamaya na lang, Tita. Busog pa naman ako.”

“Okay.”

Nagtuloy siya sa kanyang kuwarto. Pasalampak siyang humiga sa kanyang malambot na kama pagkalagay niya ng dala niyang gamit sa mesa at pagkahubad ng de-takong na sapatos.

She felt restless the whole night. Bumabalik sa kanyang balintataw ang mga pangyayari kanina. Gusto niyang ibunton lahat ang sisi sa kanyang ina. Kung hindi siguro ito uuwi, hindi siguro siya daraan sa ganitong mga pangyayari. Halos maaksidente sila ni Linda kanina. Masuwerte pa rin siya na walang napaano sa kanila.

She sighed. Ito na naman ang mga gabi na hindi siya magkakaroon ng kapayapaan. Mas lalong nadagdagan ngayon dahil laging naglalaro sa kanyang balintataw ang makisig na mukha ni Dave at ang mga palihim na sulyap nito sa kanya habang kausap si Linda kanina. Lalo tuloy nagugulo ang kanyang isip.

Hindi namalayan ni Lucy na nakaidlip na pala siya nang biglang tumunog ang kanyang cellphone. Naalimpungatan siya at nagmamadaling hinanap ang cp niya na hindi niya agad makita.

Sino naman kaya ang tatawag sa kanya ng dis-oras ng gabi? Napasulyap siya sa relo sa ibabaw ng kanyang mesa. Alas diez ng gabi. Medyo maaga pa. Kaagad niyang sinagot ang phone nang mahagilap niya iyonsa loob ng kanyang bag.

She thought it was Linda, but it wasn't. Unfamiliar sa kanya ang numero. Walang naka-register na pangalan.

“Hello?” yamot niyang sagot sa telepono.

“Hi,” anang nasa kabilang linya. The voice sounded familiar to her. “This is Dave,

remember?”

Sino ba naman ang makakalimot sa unggoy na ‘to? Bigla na namang naramdaman niya ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso. Hay...

“Yes?” she wanted to pretend she’s not affected by him. “Yeah, I remember...”

“I hope I’m not disturbing you,” anitong bahagyang tumawa. “Well, I just wanna know how you’re doing right now. Nakita ko kasi kanina na medyo naapektuhan ka sa mga nangyari. I was bothered the whole night, so I called to check how you’re doing.”

Tumikhim muna si Lucy kasi parang nagbara ang kanyang lalamunan. “I’m fine. No need to worry about me.”

“Di kasi ako matahimik. ‘Been worried about you, baka kako na-trauma ka na sa nangyari kanina.”

“But I’m okay, really.”

“Thank God. Good to hear that. By the way, are you free tomorrow night right after work? Invite ko sana kayo ni Linda for dinner.”

“Dinner?” Ano ba ang isasagot niya rito?

Mukhang magkakatotoo yata ang mga binitiwang salita ni Linda. Hindi ba puwedeng sila na lang ni Linda at huwag na siyang isama? “Ano s’abi ni Linda?” Gusto niyang malaman kung nag-usap na nga ang dalawa.

“Hindi ko pa siya nakakausap. But I’ll call her later or tomorrow kung hindi mo pahihindian ang invitation ko.”

Hindi nakasagot agad si Lucy. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Bakit pa kasi siya ang unang tinawagan nito? Ibig bang sabihin mas type nga siya nito katulad ng hinala ng kaibigan?

“H-hello? Are you still there?” anang nasa kabilang linya nang hindi siya sumagot.

“Still here. Kausapin ko na lang si Linda bukas.” Iyon lang ang nasabi niya.

“Okay, thanks. I’ll pick you up tomorrow sa office n’yo around closing time, would that be okay?”

“Ha?” Hindi pa nga siya umu-oo, pi-pickup-in na sila? Ang bilis naman ata.

“Thanks ha at pasensiya ka na naistorbo na kita.”

Happy Ending by Cher Reyes

“Ha? Ah, eh...”

“I think I have taken much of your time already. Thank God you are okay.”

“Yeah.”

“I have to go. God bless and good night. See you tomorrow.”

Hindi pa man nakakasagot ang dalaga ay naibaba na nito ang phone. Tila takot itong pahindian niya ang invitation nito. “Thanks. ‘Bye,” naibulong niya sa sarili.